

OPISYAL NA PAHAYAG

Agosto 5, 2020

Pakikipag-ugnay: Monique De La Garza, 562.570.6101, CityClerk@longbeach.gov

Inanunsyo ng Clerk ng Lungsod ang mga Serbisyo sa Pagsasalin para sa mga Pagpupulong ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach

Sa ating pagsulong, ang mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach ay isasalin ng real-time sa kahilingan, base sa Language Access Policy ng Lungsod. Upang humiling ng tagasalin para sa mga pagpupulong sa hinaharap, ang mga miyembro ng publiko ay maaaring makipag-ugnay sa Opisina ng Clerk ng Lungsod 24 oras bago ang pagpupulong.

Mula noong Hunyo 16, 2020, pinayagan ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach ang [mga komentaryo ng publiko sa telepono](#) tungkol sa mga paksa sa agenda bilang paraan upang magbigay ng mas maraming pagkakataon para sa pampublikong pakikipag-ugnay habang sumusunod sa mga utos ng kalusugan at mga patnubay na kaugnay sa COVID-19, na nagbago sa mga patakaran sa pampublikong pagtitipon at pampublikong pagpupulong.

Ang limang minuto na timer ay ipatutupad muli para sa mga komento ng miyembro ng Konseho, na walang limitasyon sa kakayahan na pumila upang magsalita. Sinusubukan din ang kakayan sa video ng Lungsod para sa mga miyembro ng Konseho at kawani sa mga pagpupulong ng Konseho, na inaasahang maisama sa malapit na hinaharap.

Mangyaring bumisita sa website ng City Clerk sa longbeach.gov/cityclerk upang matuto ng higit pa tungkol sa proseso.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, at ang Port of Long Beach. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, at mga landas ng bisikleta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa <http://longbeach.gov/>. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram at YouTube.

###